



Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-3 NA DI-PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN
NA GINANAP NOONG IKA-25 NG AGOSTO, 2022 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR,
PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.

MGA DUMALO:

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez - - - - - Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

MGA KAGAWAD

Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Igg. Jose Antonio V. Lava Igg. Richie E. San Jose.
Igg. Christopher Aron C. Del Rosario Igg. Miguel Leonardo (SK)

HINDI NAKADALO:

Igg. Aron Ronald R. Cruz - - - - - Kagawad
Igg. Marbin J. Garcia - - - - - Kagawad
Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan - - - - - Kagawad

KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 23 - 2022

“KAPISIYAHANG BAYAN NA NAGBIBIGAY Pagsang-ayon sa Punong Bayan
IGG. VERGEL C. MENESES na pumasok at lumagda sa isang kasunduan
sa pagitan ng San Igmedio Builders Inc; na kinakatawan nila G. Joel C
Sandil at G. Mario C Sandil para sa isang “EMERGENCY SOLID WASTE
TRIPPING AND DUMPING SERVICES” para sa Bayan ng Bulakan, mula
Agosto 18, 2022 hanggang Agosto 30, 2022”

Nag-Isponsor: Lupon ng Rules and Ethics and Privileges,
Accreditation and Accountability, Legal Matters

Tagapangulo: Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan, Ka-Tagapangulo: Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Miyembro: Igg. Richie E. San Jose, Igg. Aubrhie Cindyrelle D, Carpio, Igg. Marbin J. Garcia

SAPAGKAT, sa ilalim ng batas ng Pamahalaang Lokal 1991, seksyon 444. (VI) ay binigyang kapangyarihan ang Sangguniang Bayan bigyang pahintulot (prior authority) ang Punong Bayan na katawanin ang Pamahalaang Bayan sa lahat ng mga transaksyon at lumagda sa kapakanan nito at lahat ng mga bono, kasunduan. Kontrata at pananagutan at iba pang mga kasulatang ginawa ng naayon sa batas o ordinansa at mga kapasiyahan;

SAPAGKAT, ang Tanggapan Ng Punong Bayan ay nag sumite ng liham sa Sangguniang Bayan may petsa Agosto 17, 2022 na makapag daos ng isang Di-pang Karaniwang Pagpupulong sa takdang araw na Agosto 18, 2022 para mapag-aralan at mabigyang pahintulot ang Punong Bayan na pumasok sa isang kasunduan ng “*Emergency solid waste tripping and dumping services*” sa pagitan ng “*San Igmedio Builders Inc.* na kinatawan nila G. Joel C. Sandil at Mario C. Sandil;

SAPAGKAT, base sa isinagawang pagpupulong noong ika-19 ng Agosto, 2022 ay napagalaman na ang “RM Maintenance Service” ay hindi na epektibong nakatugon sa mga kalatas o probisyon ng kontrata sa pag hakot ng basura sa Bayan ng Bulakan na nagdudulot ng mga “*environmental and health concerns*” kaya’t may dagliang pangangailangan upang ito ay mabigyan ng agarang solusyon ng Pamahalaang Bayan na naaayon sa batas “RA 9184, Section 53 (B) and section 53.2 IRR, Negotiated Procurement Under Any Emergency Procurement”;

SAPAGKAT, ang Tanggapan ng Punong Bayan ay nagpadala ng liham ng “Notice of termination” of contract” na may petsang Agosto 19, 2022 sa RMS Maintenance Services at ito naman ay kanilang tinanggap at sinagot din sa pamamagitan ng kanilang liham na may paksang “Acceptance of the Termination of Contract” para sa huling kasunduan sa paghahakot at pag tatapon ng basura simula Hunyo 24, 2022 hanggang September 20, 2022;

SAPAGKAT, may dagliang pangangailangan at walang sapat na panahon upang mag-saayos ng mga dokumento upang mag-sagawa ng “Bidding” at iba pang mga prosesong kinakailangan sa batas upang hindi maihinto ang serbisyo ng paghahakot ng basura sa Bayan ng Bulakan at para sa sanidad, kalinisan at kalusugan ng mamamayan ay binibigyang pahintulot ng Sangguniang Bayan ang Punong Bayan na pumasok at lumagda sa isang “*emergency tripping and dumping services*” sa San Igmedio Builders Inc. at sa mga kumakatawan ditto, na may “*retroactive effect*” simula sa petsa ng Agosto 18, 2022, sa nagawa na nilang pagsi-serbisyo.

SA MUNGKAHI ni Igg. Christopher Aron C. Del Rosario na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;

IPINASIYA, Tulad Ng Dito’y Ginagawang Pagpapasiya Na Pagtibayin Ang Pagbibigay Pag-Sangayon Sa Punong Bayan Igg. Vergel C. Meneses Na Pumasok At Lumagda Sa Isang Kasunduan Sa Pagitan Ng San Igmedio Builders Inc; Na Kinakatawan Nila G. Joel C Sandil At G. Mario C Sandil Para Sa Isang “Emergency Solid Waste Tripping And Dumping Services” Para Sa Bayan Ng Bulakan, Mula Agosto 18, 2022 Hanggang Agosto 30, 2022”

PINAGTIBAY.

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.


JEFF C. TANSINSIN

Kalihim ng Sangguniang Bayan

PAGPAPATUNAY:



Atty. REINA RICA C. SANCHEZ
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

PINAGTIBAY:




AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO
Kagawad

(Hindi Nakadalo)
ARON RONALD R. CRUZ
Kagawad




CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO
Kagawad

(Hindi Nakadalo)
Atty. ANA MARIE V. PAGESIBIGAN
Kagawad



MIGUEL LEONARDO
Kagawad (Ex-Officio-SK)




JOSE ANTONIO Y. LAVA
Kagawad

(Hindi Nakadalo)
MARBIN J. GARCIA
Kagawad



BIENVENIDO M. CRUZ JR.
Kagawad



RICHE E. SAN JOSE
Kagawad

PINAGTIBAY at NILAGDAAN:



VERGEL C. MENESES
Punong Bayan
09-16-22